LAKBAY-DIWA Publishing

e-ISSN 3082-4397
p-ISSN 3082-5741

Volume I Issue VII

ECHOES of EXPRESSION

A Creative Folio

NOVEMBER 2025
MONTHLY ISSUE
NATIONAL

NATIONAL BOOK PUBLISHER IN THE PHILIPPINES
DTI Business Reg. No. 6488937
TIN 492-741-614
lakbaydiwapublishing@gmail.com
Butuan City, Philippines
+639543906965

Echoes of Expression
A Creative Folio
Volume I, Issue VII (November 2025), National Circulation
ISSN (Online) 3082-4397 ISSN (Print) 3082-5741
Published Online at *www. lakbaydiwapublishing.com*
Publisher: Lakbay-Diwa Publishing
DTI Business Reg. No. 6488937 / TIN 492-741-614
lakbaydiwapublishing@gmail.com
Butuan City, Philippines
+639543906965

DARYLL JIM R. ANGEL
Assistant Professor 1
President Ramon Magsaysay State University
Iba, Zambales
DOI 10.5281/zenodo.17700007

ANG TUNAY NA PAG-IBIG

Sa isang puting silid, bumungad ang ngiti ng isang estranghero.

"Sino ka?" tanong niya, naguguluhan.

"Asawa mo ako, Leon," tugon nito, may lambing sa boses.

Asawa? Ang tanging pangalan sa kanyang puso ay Clarissa, na kasama niyang nangangarap sa ilalim ng mga bituin.

"Nasaan si Clarissa?" tanong niya sa kanyang ina, na ngayon lamang niya nakita. "Siya lang ang mahal ko. Paano ako nagka-asawa ng iba?"

Sumikdo ang sakit sa kanyang ulo. Amnesia. Retrograde. Ang nakaraan lamang ang kanyang batid.

"Huwag kang mag-alala, mahal," sabi ng babae, hinahaplos ang kanyang kamay. "Magiging maayos din ang lahat."

Mahal? Hindi niya ito mahal. Hindi niya maalala ang kanilang kasal, ang kanilang mga anak, ang kanilang mga pinagsamahan. Si Clarissa lamang. Si Clarissa, na may ibang pamilya na ngayon.

Lumuha siya. Hindi niya maalala ang mga taong nasa kanyang buhay. Ngunit alam niya, sa kaibuturan ng kanyang puso, na may isang pag-ibig na naglaho. Si Clarissa.

Huli na. Hindi na niya maalala kung bakit sila nagkahiwalay.

Ang tunay na pag-ibig, naglaho sa isang iglap. At sa kanyang pagluha, napagtanto niya na mas mahal niya ang alaala ni Clarissa, kaysa sa babaeng humahaplos sa kanyang kamay.

Ngunit si Clarissa ay isang alaala na lamang.